Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. I
RECEIVED
012302
By: Date: 6-23-23

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 589, s. 2023

JUN 23 2023

TIMPALAK SANAYSAY NG TAON 2023

Para sa mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino ang pagbubukas para sa taunang timpalak sa ***Sanaysay ng Taon 2023*** na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda. Bukas ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang mga kaanak.

2. Bilang akademikong Sanaysay, kailangan sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat. Kailangang nasa wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika.

3. Ang paksa ng sanaysay ay tungkol sa sosyolingguwistikong interaksiyonal na pagdalumat sa mga katutubong wika ng Pilipinas na naghahain ng mapananaligang pag-aanalisa tungong modernisasyong pangwika.

4. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **28 HUNYO 2023, 5nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga panuntunan at iba pang impormasyon kaugnay ng nabanggit na timpalak.

6. Ipadala ang lahok sa:

Lupon sa Sanayasay ng Taon 2023
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

7. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

For the Regional Director:

RHODA T. RAZON
Director III

Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telephone Nos.: (072) 607-8137/682-2324
Email Address: region1@deped.gov.ph
Website: www.depedro1.com

Encl: as stated
Reference: None
To be included in the Perpetual Index
Under the following subjects:

SANAYSAY NG TAON 2023

CLMD/jdd/RM_TimpalakSanaysayngTaon2022
June 22, 2023

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. 1
JUN 20 2023
BY: JM TIME: 12:38

DepEd RO1

Documan ©
REC2307476


SANAYSAY NG TAÓN
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Sumali sa
SANAYSAY NG TAÓN 2023
Ang Sanaysay ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatangíng mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda. Bukás ang timpalak sa lahat ng Pilipino, babae man o lalaki, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
Bilang akademikong Sanaysay, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntunin nakasaad sa KWF Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat. Kailangang nasusulat sa Filipino ang lahat orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mulá sa ibang wika.
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
konfil@kwf.gov.ph
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
1991

KWF SANAYSAY NG TAÓN 2023

MGA TUNTUNIN

1. Ang **Sanaysay ng Taón** ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukás ang timpalak sa lahat ng Pilipino, babae man o laláki, maliban sa mga kawani ng KWF at kaniláng kaanak.
3. Ang paksa ng sanaysay ay tungkol sa **sosyolingguwistikong interaksiyonal na pagdalumat sa mga katutubong wika ng Pilipinas na naghahain ng mapananaligang pag-aanalisa tungong modernisasyong pangwika.**
4. Kailangang násа wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mulâ sa ibáng wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 páhiná at hindi rin sosobra sa 30 páhiná.
5. Bílang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntuning nakasaad sa *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat* ***(i-download para sa libreng sipi).***
6. Pára sa pagsusumite ng lahok, ilakip sa isang brown envelope ang sumusunod:
7. Apat (4) na kopya ng kompiyuterisadong lahok (Font 12, Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gílid na nakaimprenta sa short bond paper na may súkat na 8 ½ x 11 pulgada;
8. Soft copy (.doc fomat) ng lahok na nasa CD o USB;
9. Kinakailangang magtataglay lámang ang ipadadalang lahok ng sagisag-panulat (pen name) na kailanman ay hindi pa ginamit, at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok;
    -
    - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok;
    - **Entri Form;**
    - Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok;
    - Isang 2×2 retrato ng kalahok; at
    - Photocopy ng bálidóng ID (Government Issued).

    Ipadalá ang lahok sa:

    Lupon sa Sanaysay ng Taon 2023
    Komisyon sa Wikang Filipino
    2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Lungsod Maynila

10. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **28 Hunyo 2023, 5:00 nh.** Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
11. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok.
12. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:
    - **Unang gantimpala, PHP30,000.00 (net) at karangalang maging "Mananaysay ng Taón", medalya, at plake;**
    - **Ikalawang gantimpala, PHP20,000.00 (net) at plake; at**
    - **Ikatlong gantimpala, PHP15,000.00 (net) at plake.**
13. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
14. Ang lahat ng mga natanggap na lahok ay hindi na ibabalik at angkin ng KWF ang unang opsiyon sa paglilimbag ng mga nagwaging akda.
15. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhúling nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasáli pa sa alinmang timpalak ng KWF.
16. Pára sa karagdagang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349, o mag-

KWF DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2023

MGA TUNTUNIN

1. Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.
2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.
6. Pára sa **nominasyon,** ihanda ang sumusunod na kompletong dokumento:
7. **KWF Pormularyo ng Nominasyon;**
8. **Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;**
9. **Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at**
10. **Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.**
11. Ilagay sa isa o higit pang long brown envelop ang mga tinukoy sa bilang 6 at ipadala sa adres na násа ibaba:

    Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2023
    Komisyon sa Wikang Filipino
    2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Lungsod Maynila

12. Ang hulíng araw ng pagpapásа ng nominasyon ay sa **27 HUNYO 2023, 5:00 nh.**
13. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2023 ay tatanggap ng naturang gawad sa **Pasidëngëg** sa **31 Agosto 2023.**
14. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.